USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Paggamit ng isang Linya ng Paghihiwalay

Ang mga sakit sa manok ay sanhi ng maliliit na virus, bakterya, at iba pang mga mikroskopikong particle. Maaari silang nagkalat sa lahat ng lugar, kaya mahalaga na maiwasan ang paglipat o pagkalat ng mga ito sa iyong mga damit, sapatos, o kagamitan. Ang pinakamahusay na paraan upang gawin ito ay ang pagkakaroon ng malinaw na paghihiwalay sa pagitan ng iyong lugar ng manok (kung saan pinananatili ang iyong mga ibon) at ang iba pa sa mundo. Ang isang linya ng paghihiwalay ay isang functional line na naghihiwalay sa bahay ng manok o enclosure (at ang mga manok sa loob) mula sa pagkakalantad sa mga potensyal na mapagkukunan ng sakit. Bahagi ka man ng isang malaking komersyal na negosyo o nag-aalaga ng mga ibon bilang isang libangan, ang paggamit ng isang linya ng paghihiwalay ay magpoprotekta ng kalusugan ng iyong mga ibon.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba agad-agad. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maaga ang pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | **Numero ng Telepono** |
| --- | --- |
| **Beterinaryo** | ____________ |
| **Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba** | ____________ |
| **Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok** | ____________ |
| **USDA** | **866.536.7593** |

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga tip para sa Paggamit ng Linya ng Paghihiwalay

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, mangyaring sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga nag-aalagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- [ ] **Tukuyin ang iyong linya ng paghihiwalay.** Isama ang iyong buong bahay ng manok/enclosure at anumang mga lugar ng pag-access sa labas. Magkaroon lamang ng isang pasukan upang mas mahusay na makontrol kung sino at kung ano ang tumatawid sa linya. Kung maaari, markahan ang linya ng may kulay na tape.
- [ ] **Kung ang iyong mga kawan ng manok ay may access sa labas  na hindi nakaharang o enclosed, ang isang linya ng paghihiwalay ay hinihikayat pa rin.**
- [ ] **Sa iyong planong pang-biosecurity, iguhit ang mga hangganan para sa iyong mga lugar ng manok at malinaw na ibalangkas kung ano ang dapat gawin ng mga tagapag-alaga, bisita, o mga supplier kapag tumatawid dito.** Kasama dito kung paano ilipat ang mga ibon, personal na bagay, pagkain, sasakyan, kagamitan, at mga supply. Magbigay ng pagsasanay sa mga patakaran.
- [ ] **Sa iyong lugar ng pasukan, maglagay ng isang lugar para sa pagpapalit ng kasuotan sa paa at panlabas na damit bago pumasok.** Sa loob, magkaroon ng isang lugar para sa paglalagay ng kasuotan sa paa at panlabas na damit na para sa lugar na ito lamang pagkatapos tumawid sa linya ng paghihiwalay.
- [ ] **Magpaskil ng mga karatula sa lugar ng pasukan na nagpapaalala sa lahat ng mga hakbang na kailangan nilang gawin upang tumawid sa linya ng paghihiwalay.**
- [ ] **Magkaloob ng mga coverall, kasuotan sa paa, at mga kagamitan sa paglilinis/pagdidisimpekta na para sa lugar na ito lamang.**
- [ ] **Magkaroon ng isang lababo na may tumatakbong tubig at sabon o sanitizer ng kamay sa lugar ng pasukan.** Magpaskil ng mga karatula na nagpapaalala sa mga tao na linisin ang kanilang mga kamay.
- [ ] **Panatilihin ang isang talaan ng mga pumapasok.** Ilista kung sino o kung ano ang tumatawid sa iyong lugar ng manukan (mga tao, manok, pagkain, sasakyan, kagamitan) at kailan pumapasok at lumalabas ang mga iyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano panatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-6TL | Inilabas Hulyo 2019

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.